

Advisory No. 010, s. 2019

January 25, 2019

In compliance with DepEd Order No. 8, 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.

(Visit www.deped.gov.ph)

PANDAIGDIGANG SEMINAR-WORKSYAP NG ST. JOSEPH SCHOOL

Ang St. Joseph School ay magsasagawa ng Pandaigdigang Seminar-Worksyap na may temang Talaban ng Limang Makrong Kasanayan at Limang Mukha ng Panitikan mula ika-26 hanggang ika-28 ng Abril 2019.

Ang layunin ng seminar-worksyap ay ang mga sumusunod:

1. matalakay ang limang makrong kasanayang pangwika at ang limang mukha ng panitikan,
2. maipakita ang mahigpit na ugnayan ng limang makrong kasanayang pangwika at ang limang mukha ng panitikan,
3. makapagpakitang-turo tungkol sa limang makrong kasanayang pangwika at ang limang mukha ng panitikan,
4. makapagbahagi ng pinakamabibisang estratehiya sa pagtututo-pagkatuto ng limang makrong kasanayang pangwika at ang limang mukha ng panitikan, at
5. makapagpresenta ng mga papel-pananaliksik na may kaugnayan sa limang mukha ng panitikan.

Ang maaaring lumahok ay mga guro sa antas ng elementarya, junior high school, at senior high school mula sa pampubliko at pampridadong paaralan.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampridadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay:

Dr. Vasil A. Victoria
Tagaorganisa ng Gawain, St. Joseph School
Panganiban Drive, Naga City, Camarines Sur
Telepono: (054) 871-4103
Telefax: (054) 881-3571
Mobile: 0939-904-2269
Email: 1sjsnaga@gmail.com